
**Gabay para sa mga Dayuhan para sa Pagkuha ng Bahay**
**Anong mga pag-iingat ang kailangang gawin matapos makakuha ng paupahang bahay?**

Ang polyetong ito ay isinulat upang magbigay ng mga impormasyon at iba pa hinggil sa mga sumusunod at mga pag-iingat na kailangang gawin.

- Mga kailangang isagawa matapos makakuha ng paupahang bahay.
- Mga panuntunan at kaugalian na dapat sundin sa panahon ng paninirahan.
- Mga kailangang isagawa kapag aalis na sa inuupahang bahay.

**Support Center para sa Paninirahan ng mga Dayuhan sa Kanagawa**

Ang support center na ito ay isang hindi pangkalakal na organisasyon o non-profit organization na tumutulong sa mga dayuhang hindi nakakaunawa ng wikang Hapon na naninirahan sa Kanagawa para sa paghahanap ng maayos na tirahan. Higit sa rito, nagbibigay rin sila ng payo para sa mga suliranin hinggil sa pag-alis sa tinitirahan na paupahang bahay.




YMCA ng Yokohama 2F, 1-7 Tokiwa-cho Naka-ku Lunsod ng Yokohama

Harap ng Istadyum ng Yokohama
JR· Yokohama Subways Estasyon ng Kannai Limang minuto kung lalakarin
Minato-Mirai Line Station ng Nihon-Odori　Limang minuto kung lalakarin
Telepono：045-228-1752　　　　Fax：045-228-1768
e-mail：sumai.sc@sumasen.com
http://www.sumasen.com/

Inilathala ng buwan ng Pebrero, 2013

# I Mga dapat isagawa matapos umupa sa isang bahay.

**1 Siyasatin ang mga silid**

1) Ibalik ang susi ng mga silid matapos ang kontrata. Ang susi ay kailangang ibalik kapag umalis na sa paupahang bahay. Huwag iwawala ang susi.
2) Ating siyasatin.
   A Sarado ba ang mga pintuan at bintana?
   B Nakasusi na ba?
   C Wala bang mga dumi o biyak sa sahig o mga dingding?
   * Kung mayroong problema, siyasatin nang mabuti ang mga ito kasama ang pamunuan ng tanggapan ng real estate o ang inyong kasero.

**2 Proseso para sa kuryente**

1) Makipag-ugnayan sa Tokyo Electric Power bago gamitin ang kuryente. Kung mangungupahan sa pamamagitan ng isang tanggapan ng real estate, alamin kung nakipag-ugnayan na ang mga ito sa Tokyo Electric Power.
2) Kung kayo mismo ang magpapakabit ng kuryente, makipag-ugnayan sa pinakamalapit na sangay o tanggapan ng Tokyo Electric Power upang makapagpakonekta.
3) Sa araw ng paglipat, buksan ang electric breaker at alamin kung maari nang magamit ang kuryente. (Maari na bang gamitin ang mga ilaw sa loob ng bahay, nagagamit na ba ang mga nakakabit na air-conditioner, at iba pa?)
4) Alamin ang kapasidad ng kuryente (ampere) na maaring gamitin.
5) Kapag hindi kaagad magamit ang kuryente, siyasatin ang electric breaker.
6) Alamin kung gumagana na ang mga kable ng kuryente o kung mayroon nang internet.

**3 Proseso para sa gas**

1) Kapag kailangang gamitin ang gas, kailangan itong isaayos ng isang tauhan ng kumpanya ng gas. Makipag-ugnayan muna sa kumpanya ng gas hinggil sa oras ng trabaho nila bago gamitin ang gas.
2) Kinakailangang kayo o isa sa inyong kapamilya ang nasa bahay habang ginagawa ang koneksyon ng inyong gas.
3) Hilingin sa tauhan ng kumpanya ng gas na ipaliwanag ang tamang paraan ng paggamit ng mga gas fitting at iba pa habang ginagawa ang mga ito.

**4 Proseso para sa Serbisyo ng Tubig**

1) Makipag-ugnayan sa Waterworks Bureau bago gamitin a ng serbisyo ng tubig. Kung mangungupahan sa pamamagitan ng isang tanggapan ng real estate, alamin kung nakipag-ugnayan na ang mga ito sa Waterworks Bureau.
2) Kung kayo mismo ang magpapakabit ng kuryente, makipag-ugnayan sa pinakamalapit na tanggapan ng Waterworks Bureau upang masiyasat kung nasaan ang koneksyon.

3) Matapos lumipat sa inuupahang bahay, alamin kung gumagana na ang serbisyo ng tubig, kung may tubig nang tumutulo sa mga gripo, kung maari nang gamitin ang mainit na tubig, o kung may tumutulo nang tubig sa paliguan at sa palikuran.

**5 Proseso ng Suskripsyon para sa Telepono sa bahay (Kung kailangan)**

1) Isagawa ang mga kinakailangang proseso sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa pinakamalapit na telecommunications company upang kumuha ng kontrata para sa telepono sa bahay.

## II Mga patakaran at kaugalian sa paninirahan

**1 Sa inyong paglipat**

1) Bumati ("Kon-nichiwa") sa mga taong inyong makakasalubong sa mga daanan o sa elevator.

**2 Paraan ng paglalabas ng basura**

1) Sa Japan, ang mga basura ay pinaghihiwa-hiwalay alinsunod sa uri bago ilabas. Ang paraan ng paglalabas ng mga basura ay magkakaiba depende sa lungsod, sambayanan at nayon kung saan kayo nakatira.
   Dahil dito, makipag-ugnayan sa himpilan ng lungsod o himpilan ng sambayanan para sa tamang paghihiwa-hiwalay, paglalabas, araw ng pagtatapon ng basura, at iba pa.
2) Ang mga patakaran ay maaring mabago alinsunod sa patakaran ng paupahang bahay na lilipatan. Makipag-ugnayan sa tanggapan ng real estate o sa tagalinis.
3) Mayroong takdang lugar kung saan dinadala ang itatapon na basura.
4) Ang basura ay hindi kokolektahin kung mali ang pamamaraan ng pagtatapon (mali ang paghihiwa-hiwalay, araw na inilabas ito, o lugar kung saan ito inilagay). Kapag nagkamali sa pagtatapon ng basura, ito ay maaring magdulot ng abala sa ibang tao o sa lugar.

【Halimbawa kung paano ilabas ang basura】（Depende sa lugar tirahan ninyo.）

A Mayroong nakatalagang bag ng basura (gumamit ng translucent na bag kung walang nakatakdang bag) para sa bawat uri ng basura (plastik, PET bottle, bote, lata, at iba pa). Ilagay ang mga basura sa tamang bag bago ito ilabas. Bawasan natin ang basura na mula sa kusina.

B Kapag nagkamali sa oras o araw o kaya naman ay nakalimutan ilabas ang basura, ilagay muna ang basura sa inyong bahay at ilabas na lamang ito sa susunod na araw ng pagtatapon.

C Ang mga basurang yari sa bakal, malalaking plastik, yari sa kahoy, yari sa salamin, at iba pa ay itinuturing na malalaking basura.
Kailangang makipag-ugnayan sa himpilan ng lungsod o isang waste disposal office para sa pagtatapon ng malalaking basura. Mayroon itong bayad.

**3 Tungkol sa Kaingayan**

1) Kapag nagpapatugtog ng mga instrumentong pangmusika, maging maingat sa lakas ng tunog nito. Higit sa rito, kung mayroon kayong handaan o pagdiriwang, maging maingat sa pag-iingay at siguruhin na hindi makakaabala sa ibang kapitbahay. Maging tahimik lalo sa gabi.
2) When the person of other rooms is noisy, let's consult with a real estate store and a landlord. Kung maingay sa ibang silid, makipag-ugnayan sa tanggapan ng real estate o sa inyong kasero.

**4 Mga Bagay na Ipinagbabawal at mga Patakaran at Regulasyon**

1) Makipag-ugnayan muna sa tanggapan ng real estate o sa kasero bago magkaroon ng alagang hayop. Isang paglabag sa kontrata ang pagkakaroon ng alagang hayop nang walang sapat na pahintulot.
2) Huwag maglagay ng pako sa mga dingding at poste ng mga silid, o maglagay ng butas.
3) Ang mga lugar sa paupahang bahay na para sa lahat tulad halimbawa ng mga daanan at hagdanan ay daan para sa mga panahon ng lindol o sunog. Huwag itong paglagyan ng kung anu-anong bagay tulad ng basura, mga paso, at bisikleta. Kung ang mga lugar na ito ay paglalagyan ng kung anu-ano, maari kayong makatanggap ng babala mula sa mga bumbero.
4) Huwag maglagay ng mga gamit sa veranda na isa ring daan para sa panahon ng sakuna.
5) Kapag may kontrata na, walang ibang tao na maaring manirahan sa bahay maliban sa mga tao na sinabi ninyo sa tanggapan ng real estate na sadyang kasama ninyo sa bahay.
6) Ang upa o renta ay kailangang bayaran sa itinakdang termino.

* Sundin at pangalagaan natin ang mga patakaran at kaugalian ng bansang Japan at matiwasay na manirahan dito. Kung mayroon kayong hindi nauunawaan, magtanong sa mga tao sa inyong paligid.

## III Mga kailangang isagawa kapag aalis na sa inuupahang bahay.

**1 Pakikipag-ugnayan hinggil sa paglipat**

1) Kung kayo ay lilipat o aalis na sa inuupahang bahay, ipagbigay-alam ito sa tanggapan ng real estate o sa kasero batay sa termino na nakasaad sa inyong kontrata (1~2 buwan bago ang takdang pag-alis o paglipat).

**2 Connection of Electricity, Gas, and Water Service Koneksyon ng Kuryente, Gas, at Serbisyo ng Tubig**

1) Makipag-ugnayan sa Tokyo Electric Power, kumpanya ng gas, at Waterworks Bureau isang linggo bago ang takdang paglipat o pag-alis.
2) Ang proseso ng diskoneksyon ng Tokyo Electric Power, kumpanya ng gas, at Waterworks Bureau ay isasagawa ng tauhan ng nasabing kumpanya sa araw ng paglipat o pag-alis. Alamin kung paano babayaran ang natitirang bayarin sa araw na ito.

**3 Koneksyon ng Telepono, Internet, at Koreo**

1) Kung mayroong telepono sa bahay, kailangang ipagbigay-alam ang tungkol sa paglipat o pag-alis sa telecommunications company na may hawak ng kontrata.
2) Kung mayroong mobile phone, kailangan ipagbigay-alam sa telecommunications company na may hawak ng kontrata ang inyong bagong adres.
3) Ipagbigay-alam sa kumpanya ng Internet na may hawak ng kontrata ang tungkol sa paglipat o pag-alis.
4) Ipagbigay-alam sa tanggapan ng koreo ang inyong bagong adres.

**4 Aplikasyon para sa Malalaking Basura**

1) Kapag mayroong mga kagamitan sa bahay, malalaking basura, at iba pa na mula sa inyong paglipat, makipag-ugnayan sa himpilan ng lungsod o waste disposal office nang mas maaga at alamin ang paraan ng pagtatapon sa mga ito.
2) Kung ang takdang araw ng koleksyon ng malaking basura ay napatapat sa araw na kayo ay nalipat o nakaalis na, makipag-ugnayan sa inyong kasero o sa tagalinis.

**5 Paglilipat ng mga gamit.**

1) Isagawa ang paglilipat sa umaga. Itigil na ang paglilipat ng mga gamit sa gabi sapagkat ito ay maaring makaabala sa mga kapitbahay.
2) Ilabas ang lahat ng inyong mga gamit, at siguruhing malinis ang iiwanang silid. Huwag mag-iiwan ng anumang basura.

**6 Sa Pag-alis sa Bahay**

1) Ibalik ang susi sa tanggapan ng real estate.
2) Siyasatin ang mga iiwanang silid kasama ang ahente ng tanggapan ng real estate o ang kasero. Kasama ang ahente ng tanggapan ng real estate o ang kasero, siyasatin kondisyon ng bahay at alamin kung mayroong pinsala na

kailangang bayaran.

* Ang pagbabayad-pinsala ay isasagawa kung mayroon kayong nasira habang naninirahan sa paupahang bahay.

**7 Pagbabayad ng Deposito sa Kasero**

1) Sa pag-alis sa inuupahang bahay, ang deposito na ibinayad sa kasero ay ibabalik sa inyo. Gayunpaman, ang gastusin para sa paglilinis ng tinirahang bahay, at iba pa, gayundin ang bayad para sa mga sira o pinsala ay babawasin mula sa depositong ito.
2) Kung ang halaga ng deposito ay hindi sapat para sa gastusin para sa paglilinis at iba pa, at bayad para sa mga sira o pinsala, ang kakulangan ay kailangan ninyong bayaran.

---

Ang polyetong ito ay salin mula sa bersyon sa wikang Hapon (ang Center na sumusuporta sa paninirahan ng mga dayuhan sa Kanagawa ay itinataguyod ng Kanagawa Prefecture) na inilathala noong Marso, 2012.

Kanagawa resident office international affairs division
1 Nihon-Odori Naka-ku Lungsod ng Yokohama
Telepono 045-210-1111(Extension 3748)
Fax 045-212-2753